American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-01-19
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Isang Pandiskursong Pagsusuri sa Pagdinig ng Senado sa Kaso ni Alice Guo

Shilley Dynne L. Baquero[1], Elealeh Suan-Timosa, MAEd[2]
*Institute of Teacher Eduacation, Kapalong Collge of Agriculture, Sciences and Technology, Phillipinies*

**ABSTRACT :** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga ambiguidad mula sa mga pahayag ni Alice Guo sa pagdinig ng Senado sa kaniyang kaso. Layunin nitong tukuyin ang ambiguidad at bigyan ng interpretasyon gamit ang kagamitang pandiskurso mula sa Discursive Psychology nina Edwards at Potter (1992) at transitivity processes ng Systemic Functional Linguistics (SFL) ni M.A.K. Halliday (1994). Ginamit ng pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang diskursong pagsusuri bilang dulong upang suriin ang siyam (9) na pagdinig ng Senado. Batay sa resulta, sampung kagamitang pandiskurso ang makikita sa kaniyang mga pahayag, ngunit apat na kagamitan ang namukod dahil kakikitaan ito ng ambiguidad: ang lubos na pagpapalawak ng pahayag, retorikal na pagtatambis, three-part lists at di-tuwirang pananalita. Dagdag pa, tatlong proseso ng tansitivity ang namukod sa ginawang pagsusuri: materyal na proseso, relasyonal na proseso at mental na proseso dahil pinakamadalas itong makita sa mga pahayag ni Alice Guo na nakikitaan rin ng ambiguidad.

***KEYWORDS -*** *ambigwidad, discursive devices, transitivity processes, pagdinig ng senado, Alice Guo*

## I. INTRODUKSYON

Ang pag-uusap ay nangangailangan ng dalawang kalahok; ang tagapag-salita na ginagamit ang wika sa pagpapahayag at ang tagapakinig na tumatanggap sa mga impormasyon. Ang pinakalayunin ng interaksyong ito ay upang maintindihan ng tagapakinig ang impormasyong ibinibigay ng tagapagsalita. Gayunpaman, madalas ay hindi nakakamit ang pagkakaunawaan dahil sa mga isyu sa estruktura ng wika o salita. Ang mga salik tulad ng kakulangan sa impormasyon, kawalan ng kaalaman sa paksa at kalituhan dulot ng malabo o hindi tiyak na wika ay nagdudulot ng hindi pagkakaintindihan sa pagitan ng dalawa o higit pang indibidwal. Ang kalabuan sa mga pahayag ay nangyayari kapag ang mensaheng inihahatid ng tagapagsalita ay may maraming kahulugan na maaaring magdulot ng maling interpretasyon sa tagapakinig na nakagagambala sa daloy ng usapan.

Sa isang pag-aaral mula sa Saudi Arabia, partikular na sa Samtah College of Jizan University, ang mga ESL na mag-aaral ay nakitaan nila ng paghihirap sa pag-intindi ng mga Ingles na pahayag. Para sa ibang mag-aaral, ang mga pahayag na malabo o hindi tiyak ang tunay na interpretasyon ay mas lalong nakakaenganyo sapagkat mas nakatutulong ito na mapalalim ang kanilang pagkatuto. Ngunit ang iba, ito ay nagiging sanhi ng pagbaba ng kompyansa at pagkabigo na nagdudulot ng epekto sa proseso ng kanilang pagkatuto (Ansari, 2023).

Sa Cagayan de Oro, partikular sa Cagayan State University, ay nakikitaan din ng pagkalito ang mga mag-aaral sa mga malalabong pahayag sa Ingles. Sa mahabang panahon, ang wikang Ingles ay naging parte na sa buhay ng mga Pilipino. Gayunpaman, ang paggamit ng mga Pilipino sa wikang Ingles ay hindi pareho sa Amerikano kung kaya ay malaki ang posibilidad na magkamali sa paggamit at pagkakaintindi sa mga mensahe. Ito ay nagdudulot ng maling pagkakaintindi at pagkasira ng komunikasyon (Tagumasi at Villanueva, 2019).

Ang komunikasyon ay may mahalagang papel sa ating pangaraw-araw na pamumuhay, ngunit maarin din itong maging pinakamahirap na gawain lalo na kung walang pagkakaintindihan sa pagitan ng nag-uusap. Ang hindi maayos na komunikasyon at kalabuan sa mga pahayag ay maaaring magdulot ng kalituhan, hindi pagkakaintindihan at maaaring makasakit ng damdamin o maaaring makasira sa buhay ng isang tao. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa isyung panlipunan sapagkat sinasaliksik nito ang mga hindi malinaw na pahayag ni Alice Guo sa panahon ng pagdinig ng senado. Ang kaniyang kontrobersyal na kaso, lalo na ang kaniyang mga tugon sa mga katanungan ng senado, ay mahalagang pag-aralan upang mas lubos itong maunawaan, maintindihan ang mga di-malinaw na pahayag at makita rin ang kahalagahan ng maayos na komunikasyon, lalo na sa loob ng senado.

Mayroon nang mga pag-aaral noon pa man tungkol sa ambigwidad, katulad na lamang ng pag-aaral ni Ansari (2023) na pinamagatang Investigating ESL Students' Perceptions of Ambiguity Tolerance-An Analytical Case Study at Jizan University KSA kung saan inimbestigahan niya ang pananaw ng mga mag-aaral ng Jizan University tungkol sa ambiguity tolerance upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Ingles bilang

pangalawang wika. Ang pag-aaral naman ni Satria (2023) na Ambiguous Utterances: Case Study on Students' Project of English Presentation ay nakapokus sa malalabong salita na ginamit ng mga mag-aaral na kolehiyo mula sa kanilang ginawang presentasyon at kinilala ang mga posibleng salik na sanhi ng mga ito. Isang pag-aaral naman ang ginawa nina Tagumasi at Villanueva (2023) na may pamagat na First Year Students' Interpretation and Structure of Ambiguous English Sentence kung saan sinuri nila kung ano ang interpretasyon ng mga mag-aaral sa mga garden path at global ambiguity sentences na kanilang ipanakita at tinukoy kung sa anong lebel ng ambiguity ito nakaayon.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay nakapokus sa ambiguous na pangungusap mula sa mga interpretasyon at pananalita ng mga mag-aaral, ngunit ang mananaliksik na ito ay wala pang nakitang pag-aaral na nakapokus sa kung paano ginagamit ang mga ambiguous sa salita sa sosyal na konteksto. Kaya naman, naglalayon ang mananaliksik na ito na suriin ang mga ambiguous na salita o pangungusap sa sosyal na konteksto partikular na sa mga pahayag ni Alice Guo sa pagdinig ng senado sa kaniyang kaso. Susuriin kung paano ginamit ang mga double meaning na pangungusap at ano ang mga tema at mensaheng nakapaloob sa kaniyang mga salita. Nais rin ng mananaliksik na bigyan ng interpretasyon ang kaniyang mga pahayag upang mabigyang-linaw ang mga malalabong salita.

Upang mas mapapakinabangan, ang resulta ng pag-aaral na ito ay nakatakda na mailimbag sa internet, aklatan at journal. Pagpipresenta rin ng pananaliksik na ito sa mga pagpupulong sa pananaliksik balang araw. Ang pananaliksik ding ito ay magiging libre sa mga mag-aaral na gustong bumasa at mangalap ng mga impormasyon patungkol sa pandiskursong pagsusuri sa mga pagdinig ng senado. Ang silid-aklatan at ang opisina ng pananaliksik at pag-unlad ng institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology ay bibigyan ng kopya nang sa gayon ay makasisigurong mapakinabangan ang pag-aaral na ito ng mga mag-aaral at guro ng institusyon.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong makagawa ng pandiskursong pagsusuri sa mga pahayag at kasagutan ni Alice Guo sa pagdinig ng senado sa kaniyang kaso. Layunin nitong suriin ang mga ambiguidad na makikita sa mga pahayag ni Alice Guo at suriin ang mga nakatagong kahulugan mula rito. Bukod pa rito, nais ng pananaliksik na ito na bigyang-linaw ang kaniyang mga estamentong nagbibigay-kalituhan sa publiko, maintindihan ang mga pinanggalingan at ang kaniyang nais ipabatid sa senado.

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri, bilang dulong, ang dalawang pangunahing katanungan sa pananaliksik ang magsisilbing batayan upang matumpok ang layunin ng gagawing pag-aaral:

1. Anu-anong pandiskursong kagamitan ang makikita sa mga pahayag ni Alice Guo sa panahon ng pagdinig sa senado?
2. Anu-anong proseso ng transitibidad ang makikita sa mga pahayag ni Alice Guo sa panahon ng pagdinig sa senado?

## III. PAMAMARAAN

Sa pag-aaral na ito, ganamit ng mananaliksik ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nagtampok sa Diskursong Pagsusuri o *Discourse Analysis*. Ang kwalitatibong pamamaraan ay naglalaman ng pagkolekta at pagsusuri ng hindi numerikal na datos (tulad ng teksto, *video*, o *audio*) upang maunawaan ang mga konsepto, opinyon, o karanasan (Bhandari, 2020). Ang kwalitatibong pananaliksik ay isang paraan ng pag-aaral na gumagamit ng iba't ibang estratehiya upang maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari o problema na nagaganap sa ating kapaligiran. Ito ay naglalaman ng pagsusuri ng mga dokumento, pagsasagawa ng panayam, at pagmamasid sa mga kalahok. Sa pamamagitan ng mga ito, maaring makakuha ng malalim na kaalaman at pag-unawa tungkol sa isang partikular na isyu o konteksto (Creswell at Poth, 2018).

Ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalayong mangolekta at mag-analisa ng mga hindi numerikal na datos tulad ng mga konsepto, opinyon, at karanasan. Layunin nito na makalikom ng mga pananaw, bagong ideya, at pag-unawa sa mga problema. Kung kaya ginamit ang kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral na ito upang maunawaan ang mga ambiguidad sa pahayag ni Alice Guo sa pamamagitan ng pagkilala sa mga diskursibong kagamitan at proseso ng *transitivity* na makikita mula rito at maintindihan ang mga mensaheng nakapaloob dito. Ang pagkolekta sa mga datos ay ginawa sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga *video recordings* sa panahon ng pagdinig ng senado sa kaso ni Alice Guo upang maanalisa at mabigyan ng tamang interpretasyon.

Ginamit ng kwalitatibong pag-aaral na ito ang Diskursong Pagsusuri o DA. Ang Diskursong Pagsusuri ay isang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang pag-aralan ang ginamit na wika, pasulat o pasalita, na may kaugnayan sa sosyal o panlipunang konsepto. Naglalayon itong maunawaan kung paano ginagamit ang wika sa tunay na buhay at interaksyon. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri ng diskurso, nagagalugad ang struktura at ekpresyon ng wika at ang koneksyon nito sa sosyal at kultural na konteksto. Kung gayon, makatutulong ito upang maunawaan ang mensahe sa mga pahayag na pinag-aaralan ng mananaliksik (Mooney at Edling, 2019).

Kung kaya sa pag-aaral na ito ay ginamit ang kwalitatibong pag-aaral na nagtampok sa diskursong pagsusuri upang makabuo ng estratehiya at paraan upang maunawaan ang mga nakapaloob na mensahe sa mga pahayag ni Alice Guo. Ang diskursong pagsusuri ang magbibigay daan upang maunawaan ang estruktura at ang mga salitang ginagamit na may kanya-kanyang kahulugan sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Sa tulong ng diskursong pagsusuri, nasuri ng mananaliksik ang mga salitang ginamit, ekspresyon at emosyon, mensahe at sikolohikal na kalagayan sa mga pahayag ni Alice Guo.

## IV. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 1**
**Kagamitang Pandiskuro sa mga Pagdinig ng Senado sa kaso ni Alice Guo**

| **Kagamitang Pandiskurso** | ***Sample*** | ***Analysis*** |
|---|---|---|
| **Pamamahala ng Paninindigan at mga Interes (Stake and Interest Management)** | *"Hindi po ako konektado, hindi po ako operator, hindi po ako protector o cutler po ng POGO."* (PSAG_1) | Mariing itinanggi ng tagapagsalita ang kaugnayan niya sa POGO sa pamamagitan ng paulit-ulit na "hindi po ako," na nagpapakita ng matibay na pagtanggi at pagpapalakas ng kanyang paninindigan. Ipinapakita nito ang malinaw na pagsisikap na itanggi ang anumang koneksyon at linisin ang kanyang pangalan mula sa mga paratang. |
| | *"Wala po akong POGO business at hindi po ako nagpatayo. Sa akin lang po is only yung property po yung lupa lang po."* (PSAG_2) | Ipinagkakaila ng tagapagsalita ang anumang kaugnayan sa POGO sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na lupa lamang ang kanyang pag-aari. Ipinapakita nito ang pagtatangkang ipakita na wala siyang kinalaman sa anumang operasyon o pagtatayo ng negosyo. |
| | *"Wala po akong POGO business at hindi rin po ako nagpatayo."* (PSAG_3) | Ang paulit-ulit ng pagtanggi ng tagapagsalita ay paraan upang patunayan ang kawalan ng kaugnayan. |
| | *"Ah Sen, hindi po ako may-ari ng Bao Fu at I invoke my right against self-incrimination po."* (PSAG_5) | Diretsahang isnasabi ng tagapagsalita na hindi siya ang may-ari upang ipakita ang kawalan ng ugnayan sa negosyo. |
| | *"Uh your honor, after year 2021, wala na po akong pag-aari. Hong Sheng, I don't belong (hindi po ako kabilang). Zun Yuan, I don't belong din po."* (PSAG_9) | Ganap na itinatanggi ng tagapagsalita ang pagmamay-ari at anumang kaugnayan sa mga nasabing kompanya. |
| **Empirikal na Diskurso (Empiricist Discourse)** | *"Meron po akong dokumento po na magpapatunay po nito."* (PSAG_1) | Ang pagbanggit ng tagapagsalita ng 'dokumento' ay nagpapakita na ang pahayag ay may tiyak na batayan sa ebidensya, kaya't ito ay hindi lamang opinyon o haka-haka. |
| | *"Your honor, magpo-provide po ako ng copy po sa inyo."* (PSAG_2) | Ipinapahiwatig ng tagapagsalita na ang kaniyang pahayag ay may matibay na pundasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa isang opisyal na kontrata. |
| | *"Ah opo, nag-umpisa po ako ah may piggery na po kami."* (PSAG_4) | Ipinahahayag ng tagapagsalita ang pagkatotohanan sa pamamagitan ng pagbangit ng negosyong pagmamay-ari. |
| | *"Ah sen, ah lahat po ng pag-alis ko po nagfa-file po ako (ng pahintulot sa pagliban) sa governor's office po."* (PSAG_6) | Ipinakikita ng tagapagsalita ang patunay sa pagsunod sa batas upang mapagkatiwalaan. |
| | *"Uh yes po your honor, uh I have my Filipino birth certificate po."* (PSAG_7) | Ginamit ng tagapagsalita ang isang opisyal na dokumento bilang patunay na siya ay totoong mamamayan ng bansa. |

| | | |
|---|---|---|
| | *"Your honor, I issued the mayor's permit for the Zun Yuan because meron po silang PAGCOR license na ipinakita po sa amin."* (PSAG_9) | Nilinaw ng tagapagsalita na ang kaniyang desisyon ay alinsunod sa batas at sumunod sa tamang proseso, na nagpapahiwatig ng kawalan ng personal na impluwensiya. |
| **Batayang Kategorya (Category Entitlement)** | *"Ako po si Alice Leal Guo, ang kasalukuyang Mayor po ng bayan po ng Bamban, Tarlac."* (PSAG_1) | Inilahad ng tagapagsalita ang kaniyang posisyon upang pagtibayin ang kaniyang kredibilidad |
| | *"Ako po ay isang magbababoy. Farmer po ako."* (PSAG_2) | Ipinapakilala ng tagapagsalita ang kaniyang sarili bilang isang magsasaka/magbababoy at hindi isang negosyanteng may kaugnayan sa POGO |
| | *"Ah QJJ farm po, ako po yung nagma-manage po nung business po."* (PSAG_3) | Ipinagtitibay ng tagapagsalita ang kaniyang awtoridad bilang isang lehitimong tagapangasiwa ng negosyo. |
| | *"Uh sen, uh maganda rin po yung narinig ko po kanina kay Madam Chair, na through our government agencies po, sana po mainvite po natin siya kahit through Zoom meeting lang din po para malaman din po natin kasi hindi po ako spy."* (PSAG_8) | Diretsahang itinanggi ng tagapagsalita ang akusasyon sa pamamagitan ng pagpapakita sa responsibilidad ng mga ahensya ng gobyerno. |
| | *"Uh ang belief kop o na, kapag nakapag-invite po ng more investors po sa bayan po namin, mas mabibigyan po ng mas maraming work opportunities po sa mga constituents po namin."* (PSAG_9) | Ipinapakita ng tagapagsalita ang kaniyang tungkulin bilang Mayor upang mapaunlad ang kaniyang bayang nasasakupan. |
| **Sukdulang Paghahayag (Extreme Case Formulations)** | *"Nalitis na po kami base pa lang po sa alegasyon at pinagtagpi-tagpi po na kuwento."* (PSAG_1) | Inilarawan ng tagapagsalita ang akusasyon bilang 'pinagtagpi-tagping kuwento', nagpapahiwatig na ito'y hindi totoo at gawa-gawa lamang. |
| | *"Wala pong dumating na report (sa LGU tungkol sa isyu sa POGO)."* (PSAG_2) | Ipinapahayag ng tagapagsalita ang kawalan ng kaalaman sa mga isyung konektado sa POGO dahil sa walang nag-report o nakapagsabi |
| | *"Ah regarding po sa Bao Fu po wala po akong alam po doon."* (PSAG_5) | Diretsahang pagtanggi ng tagapagsalita sa anumang nalalaman tungkulin sa isyu |
| | *"Ah your honor, negative po. Wala po akong binigay sa kaniya na any campaign fund."* (PSAG_6) | Tahasang pagtanggi ng tagapagsalita sa anumang akusasyon sa pagkakasangkot sa usaping pinansiyal. |
| | *"Totally po hindi po ako spy."* (PSAG_7) | Mariing itinanggi ng tagapagsalita ang anumang akusasyon na siya ay isang spy |
| | *"Your honor, I did not sign any documents po."* (PSAG_9) | Ganap na itinanggi ng tagapagsalita ang pagpirma sa mga dokumentong maaaring magdiin sa akusasyon sa kaniya. |
| | *"Masakit din po sa akin na masangkot sa ganitong usapin."* (PSAG_1) | Ginamit ng tagapagsalita ang salitang 'masakit' ipang maipahayag ang dismaya at kalungkutan sa kritisismong natanggap dahil sa pagkakasangkot sa isyu. |
| | *"How I wish po I have a perfect family."* (PSAG_2) | Iniwasan ng tagapagsalita ang mga katanungan tungkol sa isyu sa pamamagitan ng pagpukaw ng emosyon ng tagapakinig. |
| | *"Actually, nung nakasakay na po kami sa malaking barko, sa totoo lang kung pwede lang umatras, umatras na rin po ako noon, nakakatakot po talaga."* (PSAG_3) | Ipinahiwatig ng tagapagsalita ang pangamba at takot na naramdaman upang ipakita ang pag-aalinlangan sa naging desisyong pag-alis ng bansa at magmukhang biktima |

| | | |
|---|---|---|
| **Malinaw na Paglalarawan (Vivid Description)** | *"Kasi nagwo-worry po kasi ako dahil sinampahan po ako ng AMLOCK baka mamaya magamit po against me po."* (PSAG_4) | Ipinahayag ng tagapagsalita ang nararamdamang takot upang maiwasan ang mag katanungan tungkol sa isyu. |
| | *"Ah Sen, hindi po ako comfortable po."* (PSAG_5) | Ipinahayag ng tagapagsalita ang pagkabalisa upang maiwasan ang karagdagang usapan. |
| | *"Your honor, emotional po ako dahil unfair po para sa akin na sabihan po ako na spy po ako."* (PSAG_7) | Ipinahayg ng tagapagsalita ang pagkadismaya at hinanakit dahil sa maling paratang na ibinabato sa kaniya. |
| | *"Uh kaya hihingi rin po ako ng tulong po sa inyo, tulungan niyo po ako mag-imbestiga. Hindi po ako spy at para naman po hindi po ako magmukhang kawawa talaga."* (PSAG_8) | Ipinakikita ng tagapagsalita ang kawalan ng pag-asa at pangangailangan ng tulong sa mga awtoridad upang malinis ang kaniyang pangalan mula sa mga akusasyon. |
| **Konsensus at Koroborasyon (Consensus and Corroboration)** | *"Dahil sa aking kaalaman po sa usaping pangkabuhayan."* (PSAG_1) | Ipinakikita ng tagapagsalita ang tiwala sa kanyang kaalaman sa usaping pangkabuhayan, na bunga ng kanyang mga karanasan. |
| | *"Ah sen, may pending case po sa DOJ po."* (PSAG_3) | Ipinahihiwatig ng tagapagsalita na mas mainam na hintayin ang magiging desisyon ng korte sa kaso upang matiyak ang katotohanan. |
| | *"Ah regarding naman po doon sa Taiwan po ah ang kasama ko po that time sila Welsey at sila Cassandra po."* (PSAG_5) | Isinangkot ng tagapagsalita ang mga pangalan ng ibang tao upang patibayin ang katotohanan ng kanyang pahayag. |
| | *"Your honor, I think our government agencies can prove din sa darating na araw na hindi po ako spy."* (PSAG_7) | Ipinapahiwatig ng tagapagsalita na lalabas din ang katotohanan kung kaya'y hindi na niya kailangang ipaliwanag ang sarili. |
| **Retorikal na Pagtatambis (Rhetorical Contrast)** | *"Hindi po ako konektado… wala po akong kinalaman…"* (PSAG_1) | Ang salitang "hindi" at "wala" ay ginamit ng tagapagsalita upang tuluyang ilayo ang sarili sa anumang akusasyon ng senado sa kanya. |
| | *"Hindi po ako naglabas ng pera, kaya nag-divest nalang po ako."* (PSAG_2) | Ipinapahiwatig ng tagapagsalita na ang koneksyon niya sa kompanya ay naputlo na nang mag-divest siya. |
| | *"Andito po ako, safe na safe po ako, kaso lang nagwo-worry po ako pagkatapos po ng session."* (PSAG_3) | Ipinapahiwatig ng tagapagsalita na ang kaniyang seguridad ay limitado lamang sa loob ng bulwagan ng pagpupulong at hindi na sa labas. |
| | *"Unang-una po hindi ko po boyfriend si Mayor Dong, pangalawa po ah pumunta po ako (sa Pangasinan) para mamasyal po."* (PSAG_6) | Iginigiit ng tagapagsalita na wala silang anumang relasyon ng Mayor at pamamasyal lamang ang kaniyang ginawa sa Pangasinan. |
| | *"Hindi po ako spy, hindi rin po ako nasa picture at hindi rin po your honor ako yung sinasabi niya."* (PSAG_7) | Mariing itinanggi ng tagapagsalita ang kaugnayan niya sa POGO sa pamamagitan ng paulit-ulit na "hindi po ako," na nagpapakita ng matibay na pagtanggi at pagpapalakas ng kanyang paninindigan. Ipinapakita nito ang malinaw na pagsisikap na itanggi ang anumang koneksyon at linisin ang kanyang pangalan mula sa mga paratang. |
| | *"Uh your honor, hindi po ako nag-sign ng building permit at hindi ko rin po nakita yan, ngayon ko lang po siya nakita."* (PSAG_9) | Ipinapahiwatig ng tagapagsalita na ang dokumento ay hindi dumaan sa kanya at kailanman ay hindi niya pa ito nakita. |

| | | |
|---|---|---|
| **Three-Part Lists** | *"Hindi po ako operator, hindi protector, hindi cutler ng POGO."* (PSAG_1) | Inulit ng tagapagsalita ang "hindi" upang itanggi at mapagtibay ang kaniyang naging sagot |
| | *"May mall, may residential, at may villas."* (PSAG_2) | Inilahad ng tagapagsalita ang tatlong gusaling naitayo sa lote upang ipahiwatig na hindi ito para sa mga illegal na gawain o operasyon. |
| | *"Ah sen, wala po akong boyfriend, wala po akong asawa, wala po akong ka-relasyon."* (PSAG_3) | Ang pag-uulit ng tagapagsalita sa kaniyang pahayag ay iginigiit ang kawalan ng relasyon sa kug sinuman. |
| | *"Ah your honor, wala po akong binigay sa kaniya na any campaign fund and I believe seryoso naman po siya kasi during the time po ah very hard work naman po yung pagiging campaign po niya sa distrito po."* (PSAG_6) | Ipinagtanggol ng tagapagsalita ang sarili sa pamamagitan ng pagtanggi sa ugnayan, pagpuri sa kakayahan, at pagkilala sa kasipagan ng taong tinutukoy. |
| **Di-Tuwirang Pahayag (Reported Speech)** | *"Nakalagay po doon sa statement po niya, Your Honor, na puro allegation lang po yung sinasabi po nung Vietnamese po at wala pong nangyayaring torture po."* (PSAG_1) | Ginagamit ng tagapagsalita ang testamento ng ibang tao upang masagot ang katanungan ng senado |
| | *"Sabi po nila, gagawin na lang itong mixed-use development."* (PSAG_2) | Inilalayo ng tagapagsalita ang sarili mula sa naging pagbabago ng POGO sa pamamagitan ng paggamit ng 'nila' |
| | *"Ah na-mention po nila Cassy sa akin last time."* (PSAG_5) | Ginagamit ng tagapagsalita ang salita ng iba upang maiwasan ang personal na pananagutan |
| | *"Your honor, I think it's better for you to ask him kasi siya po yung naglabas ng video so siya po nakakaalam ano pong makakapag-benefit po sa kaniya."* (PSAG_7) | Ipinapasa ng tagapagsalita ang responsibilidad sa iba pang masagot ang katanungan sa kaniya |
| | *"Your honor, ang sinabi po sa amin ni Cassandra ay whirlwind."* (PSAG_9) | Ginagamit ng tagapagsalita ang pangalan ng ibang tao upang mailipat ang responsibilidad sa kanila. |
| ***Script Formulations*** | *"Ako po ay isang hog racer po."* (PSAG_1) | Ipinakikita ng tagapagsalita na ang kaniyang trabaho o negosyo ay ay matagal na at nagpapatuloy parin hanggang sa kasalukuyan. |
| | *"Ah nung naging mayor po ako, kapag umaalis po ako humihingi po ako ng travel permit."* (PSAG_3) | Pinahahayag ng tagapagsalita na parati ang kaniyang pag-alis at ginagawa niya rin parati ang tamang proseso bago umalis. |
| | *"Ah opo, nag-umpisa po ako ah may piggery na po kami."* (PSAG_4) | Ipinakikita ng tagapagsalita na ang kaniyang nabuong negosyo ay matagal na at hindi isang bagong negosyo. |
| | *"Ah sen, ah lahat po ng pag-alis kop o nagfa-file po ako sa governor's office po."* (PSAG_6) | Inilalahad ng tagapagsalita na ang bawat pag-alis sa bansa ay normal na at hindi isang kahia-hinalang kilos |
| | *"Uh sa Malaysia po, hindi po salubong. Sa Malaysia, nagkita-kita na lang po kami nila Cassy."* (PSAG_9) | Inilalarawan ng tagapagsalita na ang pagkikita ay sinadya at planado at hindi aksidental. |

**Pamamahala ng Paninindigan at mga Interes (Stake and Interest Management)**

Ang pamamahala ng pananaw at interes ay tumutuky sa estratehiyang ginagamit upang kontrolin kung paano nakikita ang personal na pakikilahok (stake) at motibasyon (interest) sa komunikasyon. Mahalaga ito sa paghihikayat dahil hinuhusgahan ng tagapakinig hindi lang ang argumento kundi pati na ang kredibilidad ng

tagapagsalita. Maaaring bawasan, aminin o itanggi ng isang tao ang kaniyang stake upang mas magmukhang tapat o neutral, habang ang iba ay binibigyang-diin ang stake ng kausap/kalaban upang pahinain ang argumento nito. Ang mga estratehiyang ito ay nakaaapekto sa pagtanggap ng isang ideya, kung ito ba ay paniniwalaan o hindi batay sa kredibilida ng nagsasalita.

Nakalahad sa unang parte ng talahanayan ang mga halimbawa ng pamamahala ng pananaw at interes o *stake and interest management* kung saan makikita ang pahayag ni Alice Guo sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay isang malinaw na pagtanggi sa anumang kaugnayan sa POGO gamit ang paulit-ulit na paglilinaw upang patibayin ang punto. Sa pamamagitan ng ganitong paraan, maipapakita ni Alice Guo na wala siyang personal na interes o pakinabang sa isyu na maaaring layuning mapanatili ang kaniyang kredibilidad at maiwasan ang anumang akusasyon.

> *"Hindi po ako konektado, hindi po ako operator, hindi po ako protector o cutler po ng POGO."* (PSAG_1)

Makikita naman sa pangalawang halimbawa ang kaniyang pahayag sa ikalawang pagdinig ng senado. Sa pahayag na ito, nililinaw ni Alice Guo na wala siyang negosyo o direktang kaugnayan sa POGO, maliban sa pagmamay-ari ng lupa. Sa pamamagitan nito, sinusubukan niyang ipakita na limitado lamang ang kanyang papel sa isyu upang maiwasan ang pagdududa o akusasyon ng senado.

> *"Wala po akong POGO business at hindi po ako nagpatayo. Sa akin lang po is only yung property po yung lupa lang po."* (PSAG_2)

Ang pangatlong halimbawa ay na makikita sa ikatlong pagdinig ng senado. Ang paulit-ulit na pagtanggi ng tagapagsalita ay estratehiya upang patunayan ang kanyang kawalan ng kaugnayan sa isyu. Sa pamamagitan ng pag-uulit, pinagtitibay niya ang kaniyang pahayag upang mas maging kapanipaniwala at maiwasan ang anumang pagdududa o akusasyon.

> *"Wala po akong POGO business at hindi rin po ako nagpatayo."* (PSAG_3)

Ang paulit-ulit na pagtanggi ng tagapagsalita ay estratehiya upang patunayan ang kanyang kawalan ng kaugnayan sa isyu. Sa pamamagitan ng pag-uulit, pinagtitibay niya ang kaniyang pahayag upang mas maging kapanipaniwala at maiwasan ang anumang pagdududa o akusasyon.

Ang pang-apat na pahayag ni Alice Guo ay makikita sa ikalimang pagdinig ng senado kung saan Itinatanggi niya na siya ang may-ari ng Bao Fu habang kinakausap ang senador. Pagkatapos, ginamit niya ang kanyang karapatan laban sa self-incrimination upang hindi siya mapilitang sumagot sa mga tanong na maaaring magdulot ng kaso laban sa kanya.

> *"Ah Sen, hindi po ako may-ari ng Bao Fu at I invoke my right against self-incrimination po."* (PSAG_5)

Ang panlimang pahayag ni Alice Guo ay makikita sa ika-siyam na pagdinig ng senado na sinasabi niya na pagkatapos ng taong 2021, hindi na niya pagmamay-ari ang loteng pinagtayuan ng Bao Fu at Hong Sheng. Ang pag-uulit ng pariralang *"I don't belong"* ay paraan ng kaniyang pagtanggi sa anumang kaugnayan o pananagutan sa nasabing kompanya. Ibig sabihin, inilalayo niya ang sarili mula sa mga pagdududa at akusasyon ng senado sa kaniya.

> *"Uh your honor, after year 2021, wala na po akong pag-aari. Hong Sheng, I don't belong (hindi po ako kabilang). Zun Yuan, I don't belong din po."* (PSAG_9)

**Empirikal na Diskurso (Empiricist Discourse)**

Ang empirikal ng diskurso ay isang paraan ng pagtalakay na nakabatay sa prinsipyo ng empirismo na nagbibigay-diin sa kaalaman mula sa karanasan, obserbasyon at ebidensya. Sa ganitong uri ng diskurso, ang mga pahayag at argumento ay nakasalalay hindi lamang sa lohikal na pangangatwiran kundi sa aktwal na datos at resulta ng mga eksperimento. Sa pamamagitan nito, mas nagiging matibay ang argumento dahil ito ay suportado ng kongkretong ebidensya.

Makikita sa pangalawang bahagi ng talahanayan 1 ang mga halimbawa ng diskursong batay sa empirismo kung saan makikita ang mga pahayag ni Alice Guo sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag ay nangangahulugang mayroon siyang hawak na dokumento na magsisilbing ebidensya upang patunayan ang kaniyang sinasabi. Ipinapakita nito na hindi lamang siya umaasa sa sariling salita kundi gumagamit ng pisikal na pruweba upang suportahan ang kanyang pahayag. Sa ganitong paraan, mas magiging kapani-paniwala ang kaniyang sagot dahil ito ay mayroong konkretong batayan.

> *"Meron po akong dokumento po na magpapatunay po nito."* (PSAG_1)

Ang pangalawang halimbawa ay makikita sa pahayag ni Alice Guo sa pangalawang pagdinig ng senado Sa pahayag na ito, nangangako siya na magbibigay ng kopya sa dokumento sa senado bilang bahagi ng

imbestigasyon. Ipinapakita nito na handa siyang magbigay ng ebidensya na maaaring susuporta sa kaniyang unang sinabi sa pamamagitan ng isang pisikal na dokumento. ang ganitong paraan ay maaaring maging paraan upang ipakita ang kaniyang kooperasyon sa imbestigasyon habang pinapalakas nito ang kredibilidad ng kaniyang testimonya.

> *"Your honor, magpo-provide po ako ng copy po sa inyo."* (PSAG_2)

Ang pangatlong halimbawa ay makikita sa ika-anim na na pahayag ni Alice Guo. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng kaniyang kaalaman sa pagnenegosyo dahil noon pa lamang ay mayroon na silang piggery. Ang "*nag-umpisa po ako*" ay nangangahulugang ito ang kaniyang naging negosyo sapagkat kinalakihan niya na ito at ito rin ang itinuro sa kaniya. Sa pahayag na ito, nabibigyang-diin niya na wala siyang koneksyon o hindi niya pag-aari ang Bao fu at Hong Sheng dahil iba ang kaniyang pinagkukuhanan ng kita.

> *"Ah opo, nag-umpisa po ako ah may piggery na po kami."* (PSAG_4)

Ang panga-apat na halimbawa naman ay makikita sa ika-anim na pagdinig ng senado Ang pahayag na ito ay nagpapakita na ang bawat pag-alis niya ay dumadaan sa legal na proseso. Ang pagfa-file ng pahintulot sa pag-alis ay nagbibigay ng impresyon na hindi para sa illegal na gawain ang dahilan ng kaniyang pag-alis. Sa pamamagitan nito, magpagtitibay niya ang kaniyang testimonya at malalayo ang sarili sa mga paratang o akusasyon ng senado

> *"Ah sen, ah lahat po ng pag-alis ko po nagfa-file po ako (ng pahintulot sa pagliban) sa governor's office po."* (PSAG_6)

Ang panlimang halimbawa ng diskursong batay sa empirismo ay makikita sa pahayag ni Alice Guo sa ikapitong pagdinig ng senado Sa pahayag na ito, napagtitibay niya ang kaniyang testamento dahil sa hawak na dokumentong magpapatunay ng kaniyang identidad bilang Filipino. Ito ay nagpapakita na kompyansa siya sa kaniyang sinabi dahil mayroon siyang ebidensya sa kaniyang sinasabi at hindi ito isang salita lamang. Ang pahayag na ito ay ginamit rin upang itanggi ang pagdududa ng mga senador tungkol sa kanyang pagkatao.

> *"Uh yes po your honor, uh I have my Filipino birth certificate po."* (PSAG_7)

Ang panghuling halimbawa ay makikita sa pahayag ni Alice Guo sa ika-siyam na pagdinig ng senado. Sa pahayag na ito ay napagtitibay ang dahilan kung bakit niya pinirmahan ang dokumento. Ito ay nagpapakikita na ang kaniyang desisyon ay alinsunod sa batas at dumaan sa tamang proseso. Ang "*meron po silang PAGCOR license*" ay ginamit niya bilang patunay na hindi para sa personal na benepisyo o interes ang ginawang kilos.

> *"Your honor, I issued the mayor's permit for the Zun Yuan because meron po silang PAGCOR license na ipinakita po sa amin."* (PSAG_9)

**Batayang Kategorya (Category Entitlement)**

Ang batayang kategorya ay kagamitang pandiskurso na nagbibigay ng kredibilidad sa isang nagsasalita batay sa kanyang katayuan o tungkulin sa lipunan. Madalas na tinatanggap ng mga tao ang mga pahayag na mula sa eksperto, awtoridad o sa taong may direktang karanasan. Ginagamit ito upang mapagtibay ang isang argumento, ngunit maari rin itong maging mapanlinlang kung ang tagapagsalita ay hindi tunay na eksperto at kung walang sapat ng ebidensiya.

Makikita sa ikatlong bahagi ng Talahanayan 1 ang mga halimbawa ng kategorya ng karapatan kung saan makikita ang pahayag ni Alice Guo sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay paraan upang ipakilala ang kaniyang identidad, pangalan at posisyon sa lipunan. Ang pagpapakilala bilang "Mayor ng Bamban" ay maaaring magbigay ng impresyon na ang kaniyang mga testamento ay purong katotohanan. Sa pamamagitan nito, mas mapagtitibay niya ang kaniyang mga kredibilidad at ang kaniyang mga sinabi ay maaaring paniwalaan ng senado.

> *"Ako po si Alice Leal Guo, ang kasalukuyang Mayor po ng bayan po ng Bamban, Tarlac."* (PSAG_1)

Ang ikalawang halimbawa ay makikita sa ikalawang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay nagpapakita sa kaniyang trabaho o hanapbuhay. Ang pagsabing "Farmer po ako" ay nagpapakita na siya ay mayroong sapat na kakayahan at kaalaman sa pamamahala ng negosyo. Maaari rin itong gamitin upang ilayo ang kaniyang sarili sa akusasyon ng senado sa kaniyang negosyo kung saan idinidiin niya na siya ay magbababoy at walang kinalaman sa anumang illegal na gawain.

> *"Ako po ay isang magbababoy. Farmer po ako."* (PSAG_2)

Ang pangatlong halimbawa ay makikita sa pangatlong pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay ginamit ni Alice Guo upang ipakilala ang negosyo at ang sarili bilang tagapangasiwa nito. Sa paraang ito, naipagtitibay niya ang kaniyang kakayahan sa pagne-negosyo dahil sa kaniyang karanasan. Dahil dito,

napatunayan niyang hindi siya ang namamahala o nagmamay-ari sa isinangkot sa kaniyang kompanya dahil iba ang kaniyang pinangasiwaan.

> *"Ah QJJ farm po, ako po yung nagma-manage po nung business po."* (PSAG_3)

Ang pang-apat na halimbawa ay makikita sa pahayag ni Alice Guo sa ika-walong pagdinig ng senado. Sa pahayag na ito, napagtitibay niya ang kaniyang posisyon sa pamamagitan ng mungkahi na mag-imbita ng saksi upang suportahan ang kaniyang sinabi. Ito ay nagpapakita na may tiwala siya sa proseso ng ahensiya dahil mas may awtoridad sila at mas paniniwalaan ng lahat. Ang pahayag na ito ay ginamit rin upang itanggi ang akusasyon na siiya ay isang espiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng kongkretong hakbang upang linawin ang usapin.

> *"Uh sen, uh maganda rin po yung narinig ko po kanina kay Madam Chair, na through our government agencies po, sana po mainvite po natin siya kahit through Zoom meeting lang din po para malaman din po natin kasi hindi po ako spy."* (PSAG_8)

Ang panghuling halimbawa sa pahayag ni Alice Guo na nakabatay sa kategorya ng karapatan ay makikita sa pang-siyam. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng kanyang tungkulin bilang isang mayor ng munisipalidad. Ginamit niya ito upang bigyang-diin na ang kaniyang layunin ay para lamang sa ikabubuti ng kanyang mamamayan at bayan at hindi para sa personal na interes o illegal na gawain.

> *"Uh ang belief kop o na, kapag nakapag-invite po ng more investors po sa bayan po namin, mas mabibigyan po ng mas maraming work opportunities po sa mga constituents po namin."* (PSAG_9)

> "Uh, ang paniniwala ko po ay kapag nakapag-invite po kami ng mas maraming mamumuhunan sa amin bayan, mas marami pong oportunidad ang maibibiyag naming sa aming mga nasasakupan"

**Sukdulang Pagpapahayag (Extreme Case Formulations)**

Ang sukdulang pagpapahayag ay isang kagamitang pandiskurso kung saan ginagamit ang sukdulang paglalarawan upang bigyang-diin ang isang pahayag, kadalawasang sa pamamagitan ng mga salitang tulad ng pinaka, lahat, wala, hindi kailanman o palaging. Ginagamit ito upang patibayin ang argumento, gawing dramatiko ang isang sitwasyon o linawin ang lawak ng isang isyu. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng mas matinding epekto ang mensahe ng tagapagsalita at maaaring mahikayat ang tagapakinig na paniwalaan ang kanyang mga sinabi.

Makikita sa pang-apat na bahagi ng Talahanayan 1 ang mga halimbawa ng lubos na pagpapalawak ng pahayag kung saan makikita ang pahayag ni Alice Guo sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na sila ay hinusgahan base pa lamang sa paratang at walang kongkretong ebidensya. Ipinapakita rito na ang kawalan ng kredibilidad sa mga impormasyon ay ginamit upang bumuo ng kaso laban sa kanila.

> *"Nalitis na po kami base pa lang po sa alegasyon at pinagtagpi-tagpi po na kuwento."* (PSAG_1)

Ang pangalawang halimbawa ay makikta sa ikalawang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng kawalan ng kaalaman sa isyu tungkol sa POGO. Ang salitang "*walang dumating*" ay nangangahulugang walang sinong tao ang nakapagsabi sa kanya kung ano ang nangyayari. Dahil dito, mailalayo niya ang sarili mula sa akusasyong pinapataw sa kanya.

> *"Wala pong dumating na report (sa LGU tungkol sa isyu sa POGO)."* (PSAG_2)

Ang pangatlog halimbawa naman ay makikita sa ikalimang pagdinig ng senado kung saan diretsahang itinanggi ni Alice Guo ang anumang nalalaman tungkol sa kompanya upang maiwasan ang pagkakasangkot dito. Ang salitang "*wala akong alam*'' ay ginamit niya upang ipakita niya na ang mga kalakaran at gawaing nangyayari sa loob ng Bao Fu ay wala sa kaniyang kamalayan. Dahil dito, mapagtitibay niya na wala siyang koneksyon sa nasabing kompanya.

> *"Ah regarding po sa Bao Fu po wala po akong alam po doon."* (PSAG_5)

Ang pang-apat na halimbawa ay makikita sa ika-anim na pagdinig ng senado. Sa pahayag na ito, inilalahad niya na waal siyang ibinigay na pundo o pinansyal na tulong para sa pangangampanya ng sinasabing tao. Sa salitang "negative" ay kinaklaro na niya na ang mga akusasyon ay hindi totoo. Dahil dito, magagawa niyang mailayo ang sarili mula sa pagdududa ng mga senado.

> *"Ah your honor, negative po. Wala po akong binigay sa kaniya na any campaign fund."* (PSAG_6)

Ang panlimang halimbawa naman ay makikita sa pampitong pagdinig ng senado na ang pahayag ay ginamit upang diretsahang sabihin na ang mga paratang sa kanya ay hindi totoo. Ang mga salitang "*totally*" at *"hindi*" ay isang paraan upang bigyang-diin na walang katotohanan ang sinasabing siya ay espiya.

*"Totally po hindi po ako spy."* (PSAG_7)

Ang panghuling halimbawa ng lubos na pagpapalawak ng pahayag ay makikita sa pahayag ni Alice Guo sa ika-siyam na pagdinig ng senado. Ang salitang "*I did not*" ay nagpapakita ng direktang pagtanggi na kaniyang nilagdaan ang nasabing dokumento. Ito ay ginamit upang bigyang-diin na ang anumang paratang o akusasyon sa kaniya na konektado sa dokumento ay hindi totoo at maaaring gawa-gawa lamang.

*"Your honor, I did not sign any documents po."* (PSAG_9)
"Mahal na hukom, wala akong nilagdaang kahit anong dokumento po"

**Malinaw na Paglalarawan**

Ang malinaw na paglalarawan ay kabilang sa kagamitang pandiskurso kung saan tumutukoy sa malinaw na pagpapahayag ng pangyayari at emosyon ng tagapagsalita upang pukawin ang atensyon at emosyon ng mga tagapakinig. Dahil dito, mas madaling mailarawan at mas magiging kapani-paniwala ang kaniyang pahayag.

Sa panlimang bahagi ng Talahanayan 1 makikita ang halimbawa ng malinaw na paglalarawan mula sa mga pahayag ni Alice Guo na makikita sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng pagkabigo o pagkalungkot ni Alice Guo dahil sa mga akusasyong ibinabato sa kaniya. Ang salitang "masakit" ay ginamit niya upang mabigyang-linaw ang kaniyang tunay na nararamdaman sa mga isyung isinasangkot sa kaniya. Nangangahulugan ito na hindi siya kabilang at wala siyang koneksyon sa ipinaparatang sa kaniya.

*"Masakit din po sa akin na masangkot sa ganitong usapin."* (PSAG_1)

Ang ikalawang halimbawa ay makikita sa pahayag ni Alice Guo mula sa ikalawang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay maaring pumukaw sa emosyon ng tagapakinig. Ang salitang "how I wish" o "sana nga po" ay naglalarawan sa kaniyang kalungkutan dahil sa sitwasyon ng kaniyang pamilya. Ginamit niya ang pahayag na ito upang maiwasan ang direktang pagsagot sa mga katanungan ng senado, na maaaring makadagdag sa paratang laban sa kaniya.

*"How I wish po I have a perfect family."* (PSAG_2)
"Sana nga po ay mayroon akong perpektong pamilya."

Makikita naman ang pangatlong halimbawa sa ika-anim na pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay naglalarawan sa nararamdamng takot ni Alice Guo dahil sa posibilidad na gamitin ang kanyang testamento laban sa kaniya. Ginamit niya ang salitang "nagwo-worry" upang ipaintindi na ang kaniyang pag-iwas sa katanungan ng senado ay hindi kagustuhan ngunit kailangan upang ma-protektahan niya ang sarili at hindi na madadagdagan ang bigat ng kaniyang kaso.

*"Kasi nagwo-worry po kasi ako dahil sinampahan po ako ng AMLOCK baka mamaya magamit po against me po."* (PSAG_4)
*"Kasi nag-aalala po ako dahil sinampahan po ako ng AMLOCK, baya mamaya gamitin po ito laban sa akin."*

Ang panlimang halimbawa ay ay makikita sa mga pahayag mula sa ika-limang pagdinig ng senado na ipinapakita ni Alice Guo ang nararamdamang pagkabalisa sa mga katanungan ng senado sa kaniya. Ang salitang "*hindi comfortable*" ay ginamit niya upang ipahayag ang pagkabalisa sa mga katanungan at maging dahilan upang maiwasan ang pagsagot sa mga ito.

*"Ah Sen, hindi po ako comfortable po."* (PSAG_5)
"Ah Sen, hindi po ako komportable po."

Sa pang-anim na halimbawa makikita ang pahayag ni Alice Guo mula sa ika-pitong pagdinig ng senado. Mula sa pahayag na ito, malalaman ang kaniyang nararamdamang pagkadismaya at lungot dahil sa mga akusasyon ng senado sa kaniya. Ang pariralang "*unfair po sa akin*" ay nagpapakita na hindi siya sang-ayon sa paratang na isa siyang espiya.

*"Your honor, emotional po ako dahil unfair po para sa akin na sabihan po ako na spy po ako."* (PSAG_7)
"Mahal na hukom, emosyonal po ako dahil hindi po patas para sa akin na sabihan po ako na espiya po ako"

Ang panghuling halimbawa ay makikita rin sa pahayag ni Alice Guo sa ika-walong pagdinig ng senado na ipinapakita niya ang paghingi ng tulong upang patunayan na siya ay inosente at linisin ang kaniyang pangalan. Binibigyang-diin niya rin na hindi siya isang espiya, kaya naman nais niyang magkaroon ng masusing

imbestigasyon. Ipinahahayag niya rin ang kaniyang pagnanais na maiwasang magmukhang kawawa, na nagpapahiwatig ng kaniyang pangamba sa maaring epekto ng akusasyon sa kaniyang dignidad

> *"Uh kaya hihingi rin po ako ng tulong po sa inyo, tulungan niyo po ako mag-imbestiga. Hindi po ako spy at para naman po hindi po ako magmukhang kawawa talaga."* (PSAG_8)

**Konsensus at Koroboryasyon(Consensus and Corroboration)**

Ang konsensus at koroborasyon ay kagamitang pandiskurso na ginagamit upang gawing mas matibay, kapani-paniwala at lohika ang isang argumento o pahayag sa isang talakayan. Ang consensus ay tumutukoy sa pagkakapareho ng opinyon ng isang pangkat ng tao tungkol sa isang isyu habang ang corroboration naman ay tumutuko sa pagpapatunay ng isang impormasyon gamit ang iba pang ebidensya o mapagkakatiwalaang sanggunian.

Sa pang-anim na bahagi ng Talahanayan 1 makikita ang halimbawa ng consensus at *corroboration na* mula sa mga pahayag ni Alice Guo na makikita sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng pagpapatibay sa kredibilidad ng ni Alice Guo. Ang paggamit sa salitang "kaalaman" ay naglalarawan ng siya ay may sapat na kasanayan at karanasan sa pagne-negosyo, dahilan kung bakit siya binoto ng mga tao upang maging Mayor. Binibigyang-diin nito na ang kaniyang kakayahan sa pamamahala ng negosyo ay siya ring magagamit niya sa pamamahala ng kaniyang bayang nasasakupan.

> *"Dahil sa aking kaalaman po sa usaping pangkabuhayan."* (PSAG_1).

Sa pangalawang halimbawa na makikita sa pahayag sa panahon ng pagdinig Sa pahayag na ito ay nagpapahiwatig na mayroon ng kaso si Alice Guo sa korte kaya naman ay hindi na niya kailangang sagutin pa ang katanungan sapagkat masasagot rin naman ito kapag tapos na ang imbestigasyon na ginagawa rin ng DOJ. Ang pagbanggit sa DOJ o Department of Justice ay paraan upang maging kapani-paniwala ang kaniyang kasagutan.

> *"Ah sen, may pending case po sa DOJ po."* (PSAG_3)

Sa pangatlong halimbawa naman na makikita sa panlimang pagdinig ng senado. Isinali ni Alice Guo ang pangalan ng kapatid at Cassandra upang mas paniwalaan ng senado ang kanyang testamento. Mas paniniwalaan ito sapagkat may testigo na magpapatunay sa kredibilidad ng kaniyang sinabi.

> *"Ah regarding naman po doon sa Taiwan po ah ang kasama ko po that time sila Welsey at sila Cassandra po."* (PSAG_5)

At ang panghuling halimbawa ng pahayag ni Alice Guo sa consensus at *corroboration* ay makikita sa pampitong pagdinig ng senado. Mula sa pahayag na ito, matutunogan ang kompyansa na totoo ang kaniyang sinabi. Ang "*our government agencies can prove*" ay nagpapatibay sa kaniyang sinabi na hindi siya isang espiya kaya naman kompyansa siya. Dahil dito, ang kaniyang testamento ay mas naging kapani-paniwala at katanggap-tanggap.

> *"Your honor, I think our government agencies can prove din sa darating na araw na hindi po ako spy."* (PSAG_7)
> "Mahal ng hukom, sa tingin ko ay mapapatunayan din ng ahensiya ng ating gobyerno sa darating na araw na hindi po ako espiya"

**Retorikal na Pagtatambis**

Ang retorikal na pagtatambis ay isang teknik o estratehiya na ginagamit sa pagsasalita o pagsusulat upang mapalakas ang epekto ng mensahe sa pamamagitan ng paghahambing o pagtatambis ng mga idea, konsepto o mga salita. sa ganitong uri ng pagtatambis, ang layunin ay magbigay ng diin sa isang punto, pagpapalawak sa pananaw o kaya'y paglinaw sa isyung tinatalakay.

Makikita sa pampitong bahagi ng Talahanayan 1 ang mga halimbawa ng retorikal na pagtatambis na pahayag ni Alice Guo na makikita sa unang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay direktang itinatanggi ang pagkakasangkot o pagkakaugnay niya sa POGO. Ang salitang "*hindi*" at "*wala*" ay ginamit niya upang bigyang-diin na wala siya koneksyon sa anumang gawain o isyung kinakasangkutan nito. dahil dito, tuluyan niyang mailalayo ang sarili sa akusasyon ng senado sa kanya.

> *"Hindi po ako konektado… wala po akong kinalaman…"* (PSAG_1)

Ang sunod na halimbawa ay makikita sa ikalawang pagdinig ng senado. Ang pahayag ay nagpapakita ng pagkakaiba o pag-kontrast. Ang salitang "hindi naglabas'' ay nangangahulugang hindi siya nag-invest sa Bao Fu nang hikayatin siya. Ang salita namang "nag-divest" ay nagsasabing binawi na lamang niya ang kaniyang parte o hati sa ari-arian. nagpapahiwaitg lamang ito na naputol na ang kaniyang koneksyon sa kompanya bago pa nangyari ang mga illegal na gawain.

> *"Hindi po ako naglabas ng pera, kaya nag-divest nalang po ako."* (PSAG_2)

Ang pangatlong halimbawa ay makikita sa ikatlong pagdinig ng senado. Ang pahayag ay nagpapakita na pagkakaalanganin niya sa proteksyon ng ibinibigay ng awtoridad. Ang salitang "safe na safe" ay nagpapahiwatig na protektado siya, habang ang "nagwo-worry" ay nagpapakita na hindi siya siguro kung mapo-protektahan pa ba siya paglabas sa kaniyang paglabas sa bulwagan ng pagpupulong lalo na at may nagbabanta sa kaniyang buhay. Nangangahulugan ito na ang kaniyang pag-iwas sa mga katanungan ay paraan niya upang protektahan ang sarili.

> *"Andito po ako, safe na safe po ako, kaso lang nagwo-worry po ako pagkatapos po ng session."* (PSAG_3)

Ang sunod na halimbawa ay makikita sa ika-anim na pagdinig ng senado. Ang pahayag ay nagpapahiwatig na ang anumang inaakusa ng senado tungkol sa relasyon nila ni Mayor Dong ay hindi totoo. Ang pariralang "hindi nobyo" ay direktang pagtanggi ni Alice Guo sa sinasabing relasyon, habang ang "para mamasyal" ay ipinapaliwanag na ang dahilan ng kaniyang pagbisita sa Pangasinan ay upang maglibang at hindi para bisitahin ang Mayor ng bayan. Nangangahulugan ito na wala siyang anumang relasyon kahit kanino at ang akusasyon sa kaniya ay hindi totoo.

> *"Unang-una po hindi ko po boyfriend si Mayor Dong, pangalawa po ah pumunta po ako (sa Pangasinan) para mamasyal po."* (PSAG_6)

Ang panlimang halimbawa ay makikita naman sa ikapitong pagdinig ng senado. Ang pahayag ay nagpapakita ng mariing pagtanggi sa kaniyang ugnayan sa POGO sa pamamagitan ng paulit-ulit na "hindi po ako," na nagpapakita ng matibay na pagtanggi at pagpapalakas ng kanyang paninindigan. Ipinapakita nito ang malinaw na pagsisikap na itanggi ang anumang koneksyon at linisin ang kanyang pangalan mula sa mga paratang.

> *"Hindi po ako spy, hindi rin po ako nasa picture at hindi rin po your honor ako yung sinasabi niya."* (PSAG_7)

At ang panghuling halimbawa ng retorikal na pagtatambis sa mga pahayag ni alice Guo ay makikita sa ika-siyam na pagdinig ng senado. Ang pahayag ay nagpapahiwatig na hindi niya nilagdaan ang pahintulot sa pagtatayo ng gusali. Ang estratehiyang ito ay maaaring magpalinaw sa kanyang posisyon o ipakita ang kaniyang kawalan ng kaalaman hinggil sa isyu, na maaaring magpalakas ng kaniyang kredibilidad sa harap ng mga senado.

> *"Uh your honor, hindi po ako nag-sign ng building permit at hindi ko rin po nakita yan, ngayon ko lang po siya nakita."* (PSAG_9)

**Three-Part Lists**

Ang three-part lists ay isang kagamitang pandiskurso na ginagamit upang gawing mas organisado, malinaw, at kapani-paniwala ang argumento o testimonya ng isang testigo, abogado, o mambabatas. Ginagamit ito upang ipakita ang lohikal na estruktura ng isang argumento, magbigay-diin sa mahahalagang punto, at gawing mas madali para sa mga tagapakinig na maunawaan at matandaan ang impormasyon. Karaniwan din itong ginagamit upang lumikha ng impresyon ng pagiging kumpleto o balanse sa isang pahayag.

Makikita sa pangwalong bahagi ng Talahanayan 1 ang mga halimbawa ng three-part lists sa pahayag ni Alice Guo na makikita sa unang pagdinig ng senado. Gamit ang sunod-sunod na negasyon (*hindi operator, hindi protector, hindi cutler*), napalalakas niya ang kaniyang depensa sa pamimigitan ng malinaw at organisadong pagpapahayag ng kanyang hindi pagkakaugnay sa POGO.

> *"Hindi po ako operator, hindi protector, hindi cutler ng POGO."* (PSAG_1)

Ang sunod naman na halimbawa ay makikita sa pangalawang pagdinig ng senado. Ang pahayag ay ginamit upang malinaw na ipakita ang tatlong pangunahing bahagi ng isang proyekto. Ang pag-uulit ng salitang "*may*" bago ang bawat element ay nagpapalakas ng estruktura ng pahayag, na ginagawang mas madala maunawaan ng mga tagapakinig.

> *"May mall, may residential, at may villas."* (PSAG_2)

Ang pangatlong halimbawa ay makikita naman sa pahayag ni Alice Guo sa ikatlong pagdinig ng senado. Ang pahayag ay isang direktang paglilinaw niya tungkol sa estado sa relasyon. Ginagamit ang sunod-sunod na pagtanggi upang tiyakin na walang anumang uri ng romantikong ugnayan na maaaring ipakahulugan ng senado at tagapakinig

> *"Ah sen, wala po akong boyfriend, wala po akong asawa, wala po akong ka-relasyon."* (PSAG_3)

Ang sunod na halimbawa ay makikita naman sa ika-anim na pagdinig ng senado. Ang pahayag ay paglilinaw ni Alice Guo tungkol sa hindi pagbibigay ng campaign fund at kanyang pananaw sa pagiging seryoso ng kandidato. Ginamit niya ang salitang "*wala po akong binigay*" upang itanggi ang anumang kaugnayan sa pinansyal na suporta habang ang "*I believe seryoso naman po siya*" ay nagbibigay-diin sa kasipagan ng kandidato.

Ang paraang ito ay nagpapakita ng parehong pagtanggi at pagbibigay ng kredibilidad na maaaring makaapekto sa pananaw ng tagapakinig at senado.

*"Ah your honor, wala po akong binigay sa kaniya na any campaign fund and I believe seryoso naman po siya kasi during the time po ah very hard work naman po yung pagiging campaign po niya sa distrito po."* (PSAG_6)

**Di-Tuwirang Pahayag**

Ang di-tuwirang pananalita ay isang paraan ng pagpapahayag kung saan ang isinasalaysay ang sinabi ng isang tao gamit ang mga salitang hindi eksaktong kopya ng kanyang sinabi. Sa halip, ipinahahayg ito sa paraang may pag-aangkop sa gramatika at estruktura ng pangungusap. sa ganitong paraan, ang mensahe ng sinabi ng isang tao ay naipahahayag parin ngunit sa isang mas pormal at angkop na estruktura.

Makikita sa pansiyam na bahagi ng Talahanayan 1 ang mga halimbawa ng di-tuwirang pananalita sa pahayag ni Alice Guo na makikita sa unang pagdinig ng senado. Ipinahahayag niya ang nilalaman ng isang testamento ng ibang tao, ngunit hindi ito direktang inuulat. Ang pahayag ay gumagamit ng mga salitang "nakalagay po doon" upang hindi direktang ipahayag ang ang impornasyon sa loob ng dokumento.

*"Nakalagay po doon sa statement po niya, Your Honor, na puro allegation lang po yung sinasabi po nung Vietnamese po at wala pong nangyayaring torture po."* (PSAG_1)

Ang susunod na halimbawa ay makikita sa ikalawang pagdinig ng senado. ang pahayag ay isang paglalahad ng plano na base sa sinabi ng ibang tao. Ang paggamit ng pariralang "*sabi po nila*" ay nagpapakita na iba ang nanguna sa pagpaplano at hindi siya kabilang dito. Sa pamamagitan nito, naitatanggi ni Alice Guo ang anumang akusasyon na kokonekta sa kanya sa kompanya.

*"Sabi po nila, gagawin na lang itong mixed-use development."* (PSAG_2)

Ang pangatlong halimbawa ng pahayag ni Alice Guo ay makikita sa ika-limang pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay isang paglalahad ng impormasyon na ibinahagi ng ibang tao, na sa kontekstong ito ay si Cassy. Ginamit nila Alice Guo ang paraang ito upang maiwasan ang akusasyon.

*"Ah na-mention po nila Cassy sa akin last time."* (PSAG_5)

Ang sunod na halimbawa ay makikita sa ika-pitong pagdinig ng senado. Ang pahayag ay isang mungkahi na naglalayong ilipat ang pokus sa ibang tao. Ipinapakita rito na mas may kaalaman sa impormasyon ang taong nagpalabas ng bidyo. Ang paggamit sa "*I think it's better*" ay nagpapahiwatig ng personal na pananaw, habang ang "so siya po ang nakakaalam" ay nagbibigay-diin sa ideya na ang taong iyong ang nakakaalam sa pangunahing impormasyon sa isyu.

*"Your honor, I think it's better for you to ask him kasi siya po yung naglabas ng video so siya po nakakaalam ano pong makakapag-benefit po sa kaniya."* (PSAG_7)

Ang panghuling halimbawa ng di-tuwirang pananalita ay makikita sa pahayag ni Alice Guo sa ika-siyam na pagdinig ng senado. ang pahayag ay tumutukoy sa kompanyang pag-aari nila Cassandra Ong. Ang paggamit ng "*ang sinabi po sa amin*" ay nagpapahiwatig na ito ay batay sa pahayag ni Cassy at hindi isang personal na konklusyon.

*"Your honor, ang sinabi po sa amin ni Cassandra ay whirlwind."* (PSAG_9)

***Script Formulations***

Ang script formulations ay ginagamit upang ipakita na ang isang pangyayari o kilos ay normal, inaasahan at bahagi ng isang nakasanayang proseso. Nakatutulong ito sa pagpapaliwanag, panghihikayat at pagbawas ng pagtutol sa isang usapan sa pamamagitan ng pag-frame ng sitwasyon bilang bahagi ng pangkaraniwang daloy ng mga bagay.

Makikita sa pansampung bahagi ng Talahanayan 1 ang mga halimbawa ng script formulations sa pahayag ni Alice Guo na makikita sa unang pagdinig ng senado. Ang testament ay direktang pagpapahayag ng identidad o propesyon ng nagsasalita. Ginamit ni Alice Guo ang simpleng estruktura ng pangungusap upang ipakita nang malinaw kung ano ang kaniyang trabaho. Sa ganitong paraan, inilalagay niya ang sarili sa paraang madaling maintindihan ng mga senador.

*"Ako po ay isang hog racer po."* (PSAG_1)

Ang sunod na halimbawa sa kaniyang pahayag ay makikita sa ikatlong pagdinig ng senado. Ang pahayag ay isang paglalahad ng isang nakasanayang proseso o alituntunin na sinusunod ni Alice Guo. Ipinakikita nito na ang paghingi ng travel permit ay isang inaasahang kilos bilang bahagi ng kaniyang tungkulin bilang mayor. Sa

ganitong paraan, nalalahad ni Alice Guo ang kanyang pagsunod sa regulasyon bilang iang normal at pamantayang gawaing na hindi na dapat pagtalunan.

> *"Ah nung naging mayor po ako, kapag umaalis po ako humihingi po ako ng travel permit."* (PSAG_3)

Ang pangatlong halimbawa ng pahayag ay makikita sa ikaapat na pagdinig ng senado. Ang pahayag ay paglalahad sa kaniyang karanasan na normal na para sa kanya. Ipinakikita dito na ang pamamahala ng piggery ay natural na sa kanya sapagkat ito na ang kaiyang nakalakihan. Sa ganitong paraan, nailalahad niya ang kanyang sitwasyon bilang karaniwan na lamang.

> *"Ah opo, nag-umpisa po ako ah may piggery na po kami."* (PSAG_4)

Ang pang-apat na halimbawa ay makikita sa ika-anim na pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay naglalahad ng isang prosesong palagi niyang sinusunod. Ipinakikita rito na ang pag-apila ng dokumento sa bawat pag-alis ay karaniwan na para sa kaniya ngunit mahalagang hakbang. Sa ganitong paraan, ipinakikita niya na ang kanyang kilos ay naaayon sa itinakdang patakaran at hindi na kailangang kuwestyunin.

> *"Ah sen, ah lahat po ng pag-alis ko po nagfa-file po ako sa governor's office po."* (PSAG_6)

At ang panghuling halimbawa ng script formulations na makikita sa pahayag ni Alice Guo ay makikita sa ika-siyam na pagdinig ng senado. Ang pahayag na ito ay isang paglilinaw upang itama ang posibleng maling pagkakaintindi sa sitwasyon. Ipinihahayag nito na ang kanilang pagkikit ay hindi dahil sinalubong sila kundi dahil nakaplano ang kanilang pagkikita ngunit sa isang partikular na lugar. Dahil dito, mailalahad niya ang pangyayari bilang isang natural na pagkakataon at hindi na kailangan pa ng karagdagang paliwanag.

> *"Uh sa Malaysia po, hindi po salubong. Sa Malaysia, nagkita-kita na lang po kami nila Cassy."* (PSAG_9)

**Proseso ng Transitibidad sa mga Pagdinig ng Senado sa kaso ni Alice Guo**

Sa bahaging ito, nakalimbag ang talahanayan ng mga *transitive processes* na makikita sa mga testamento ni Alice Guo, gayundin ang pagkakabuo ng mga parirala base sa layon, aktor o at ang pangyayari at ang pagpapakahulugan ng mananaliksik.

**Talahanayan 2**
**Transitivity Processes sa Pagdinig ng Senado sa kaso ni Alice Guo**

| Transitivity Processes | *Sample* | *Analysis* |
|---|---|---|
| **Materyal na Proseso** | *"Nagsikap po akong maghikayat ng mga investors para magnegosyo at makatulong po sa pag-asenso po ng bayan ng Bamban"* (PSAG_1) | Ang pahayag na ito ay isang halimbawa ng material process dahil ipinapakita nito ang ginawang aksyon *(pagsisikap at paghikayat)* ng Actor *(Ako)* upang maimpluwensyahan ang Goal *(investors)* tungo sa ikaa-asenso ng bayan. |
| | *"Ah your honor, binili ko po ang lupa,* uh in installment basis po" (PSAG_2) | Ang pahayag na ito ay isang material process dahil ipinapakita nito ang isang ginawang kilos *(pagbili)* ng Actor *(ko)* na may direktang Goal *(ang lupa),* na may kasamang paliwanag kung paano ito ginawa *(in installment basis).* |
| | *"Uh, your honor, mag-consult lang po ako sa lawyer ko po before answering the questions."* (PSAG_3) | Ang pahayag na ito ay isang halibawa ng materyal na proseso dahil ipinapakita nito ang isang ginagawang kilos *(pagkonsulta)* ng Actor *(ako)* na may direktang Goal *(lawyer ko)*, at may paliwanag kung kailan ito gagawin *(before answering the questions)* |
| | *"Nagpadala po ako n tao para tanungin, to check them kung may, kung may tulong, may magagawa po kami."* *(*PSAG_8) | Ang pahayag na ito ay materyal na proseso dahil ipinapakita nito ang ginawang aksyon *(pagpapadala)* ng Actor *(ako)* na may direktang Goal *(tao* |

| | | |
|---|---|---|
| | | *na ipinadala*) para malaman kung mayrron ba silang maitutulong. |
| | *"I issued the permit for Zun Yaun with the attachment of PAGCOR license po nila"* (PSAG_9) | Ang pahayag na ito ay isang material process dahil ipinapakita nito ang ginawang aksyon *(pag-iisyu ng permit)* ng Actor *(I/Ako)* na may direktang Goal *(the permit*) at may tagatanggap *(Zun Yuan),* kasama ang isang c*ircumstance (attachment ng PAGCOR license)* na nagbibigay ng dagdag na impormasyon sa kilos. |
| **Mental na Proseso** | *"Alam ko po na legal po ang documents po before ako naging Mayor." (*PSAG_1) | Ang pahayag na ito ay isang mental na proseso ng cognition dahil ipinapahayag nito ang isang bagay na nalalaman ng tagapagsalita *(ko)*, gamit ang pandiwang (*alam)*bilang mental na proseso at (before naging mayor) na penomena bilang bagay na iniisip o pinoproseso sa isip. |
| | *"Nalaman ko po, after po nung last senate hearing na fugitive po siya."* (PSAG_2) | Ang pahayag na ito ay isang halimbawa ng mental na proseso dahil nagpapakita ito ng senser (ko), pandiwa (nalaman), ang phenomena (na fugitive) at pangyayari (after nung last hearing) na dumadagdag sa impormasyon. |
| | *"Uh, ang alam ko is may case na po ako sa DOJ po, human trafficking po."* (PSAG_4) | Ang pangungusap ay isang halimbawa ng mental na proseso sapagkat ito ay nagpapakita ng *senser (ko),* pandiwa na (*alam),* ang penomenon (*may case na po ako sa DOJ po, human trafficking po).* |
| | *"Uhm hindi ko rin po alam kung bakit po pero ang understanding kop o, ang intindi kop o, baka sa media mileage mayron po silang ibang motibo."* (PSAG_8) | Ang pangungusap ay isang halimbawa ng mental na proseso sapagkat ito ay nagpapakita ng senser (*ko*), pandiwa na (*alam, understanding, at intindi*) phenomenon na (*kung bakit po at ang understanding ko po, baka sa media mileage mayron po silang ibang motibo*) at dagdag impormasyon para sa konteksto. |
| | *"Uh your honor, hindi ko rin po alam bat nandyan yung pangalan ko po."* (PSAG_9) | Ang pangungusap ay isang halimbawa ng mental na proseso sapagkat ipinapakita nito ang senser (*ko*), ang pandiwa (*alam*) at ang penomena (*bat nandyan yung pangalan ko po*). |
| **Relasyonal na Proseso** | *"Ako po si Alice Leal Guo, ang kasalukuyang Mayor po ng bayan po ng Bamban, Tarlac."* (PSAG_1) | Ang pangungusap na ito ay gumagamit ng Relational Process upang ipahayag ang identidad (*ako po si Alice Leal Guo*) at katangian o papel (*Mayor*) ng nagsasalita. |
| | *"Ako po ay isang magbababoy. Farmer po ako."* (PSAG_2) | Ang pahayag ay isang halimbawa ng relasyonal na proseso sapagkat inilalarawan nito ang propesyon (*magbababoy at Farmer*) ng nagsasalita (*ako*). |
| | "*Ah, your honor, hindi po ako ang may-ari ng Bao Fu"* (PSAG_4) | Ang pahayg na ito ay gumagamit ng pagkilala sa relasyonal na proseso sapagkat nililinaw nito kung sino ang hindi nagmamay-ari ng isang bagay, kung saan ang *token* ay *"Ako"* at ang *value* ay "*Ang may-ari ng Bao Fu*". |
| | *"Ah your honor, wala po kami dalawang relasyon."* (PSAG_6) | Ang pahayag na ito ay halimbawa ng attributive relational na proseso dahil inilalarawan nito ang kawalan ng relasyon sa pagitan ng nagsasalita at taong iniuugnay. |

| | | |
|---|---|---|
| | *"Hindi sila malapit sa akin. Wala rin po kaming ugnayan at uhm hindi po ako spy po"* (PSAG_8) | Ang mga pangungusap na "Hindi sila malapit sa akin." at "Wala rin po kaming ugnayan." ay halimbawa ng Attributive Relational Process sapagkat inilalarawan ng nagsasalita ang estado ng relasyon o kawalan nito sa ibang tao, samantalang ang pangungusap na "Hindi po ako spy po." ay isang Identifying Relational Process dahil itinatanggi nito ang isang identidad na inuugnay sa nagsasalita. |
| **Behavioural na Proseso** | *"Actually, nung nakasakay na po kami sa malaking barko, sa totoo lang kung pwede lang umatras, umatras na rin po ako noon, nakakatakot po talaga."* (PSAG_3) | Ang pahayag na ito ay kabilang sa behavioural na proseso dahil inilalarawan nito ang isang pisikal o sikolohikal na reaksiyon ng nagsasalita sa isang sitwasyon. Ang "*umatras*" ay nagpapakita ng isang boluntaryong kilos at ang "*nakakatakot*" ay nagpapahiwatig ng isang emosyonal na tugon na maaaring nag-udyok sa nasabing kilos. |
| | *"Ah Sen, hindi po ako comfortable po."* (PSAG_5) | Ang pahayag ay isang halimbawa ng behavioural na proseso dahil ito ay nagpapahayag ng isang emosyonal o pisyolohikal (*hindi po ako comfortable*) na estado ng nagsasalita. |
| | *"Your honor, emotional po ako dahil unfair po para sa akin na sabihan po ako na spy po ako." (PSAG_7)* | Ang pahayag ay isang halimbawa ng behavioural na proseso dahil ang "*emotional po ako*" ay nagpapahiwatig ng damdamin at ang "*unfair po para sa akin*" ay nagpapakita sa dahilan ng kaniyang nararamdaman. |
| | *"Uh kaya hihingi rin po ako ng tulong po sa inyo, tulungan niyo po ako mag-imbestiga. Hindi po ako spy at para naman po hindi po ako magmukhang kawawa talaga."* (PSAG_8) | Ang pahayag ay isang halimbawa ng behavioural na proseso dahil ang "*hihingi ng tulong*" ay maaaring ipakahulugan bilang isang kilos na nauugnay sa nararamdaman ng tagapagsalita at ang "magmukhang kawawa" ay isang persepsyon ng sarili na pagiging *helpless* o mahina. |
| | *"Nagulat din po kasi ako nung nalaman ko po na isa siyang fugitive noon pong last hearing"* (PSAG_2) | Ang pahayag na ito ay halimbawa ng behavioural na proseso dahil ang "*nagulat*" ay nagpapakita sa reaksyon ng tagapagsalita sa nalamang impormasyon *"ako nung nalaman ko po"* |
| **Berbal na Proseso** | *"Ah, opo madam chairman, okay lang po ba malaman ko po kanino kung kanino po sila nag-request"* (PSAG_1) | Ang pahayag ay isang berbal na proseso sa transitivity dahil nagpapahayag ito ng isang kahilingan o pagtatanong ("malaman ko po"), kung saan ang tagapagsalita ay naghahangad ng impormasyon mula sa isang tagapakinig. |
| | *"Opo, sabi po niya sa akin"* (PSAG_2) | Ang pahayag na ito ay kanilang sa berbal na proseso dahil ito ay nagpapahayag ng isang *verbal action* ("*sabi*") na may tagapagsalita ("*niya*") at tagatanggap ng mensahe ("*sa akin*). |
| | "Ah in-explain ko na po, Sen sa committee ang tungkol po sa business transactions po" (PSAG_3) | Ang pahayag ay kabilang sa prosesong ito dahil ipinapahayag nito ang isang verbal action ("*in-explain*") na may tagapagsalita ("*ko*"), tagatanggap ng mensahe ("*Sen*" at "*committee*"), at nilalaman ng ipinahayag ("*ang tungkol po sa business transactions*"). |

| | | |
|---|---|---|
| **Eksistensyal na Proseso** | *"Yung business permit po, second, third, and fourth floor lang po."* (PSAG_2) | Ang pahayag na ito ay halimbawa ng eksistensyal na proseso dahil maayroong "business permit" kung saan nakasaad ang "*second, third, and fourth floor"* na ookupahin. |
| | *"Madam Chair, I have only one Filipino passport po."* (PSAG_3) | Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng eksistensyal dahil sa "I have" at ang bagay na pinagmamay-ari "Filipino passport". |
| | *"Ah yes po your honor, uhm may na-file na po kaya I invoke my right po."* (PSAG_4) | Ang pahayag na ito ayhalimbawa ng prosesong ito dahil ito ay nagsasaad ng eksistensyal na "may na-file" na kaso habang ang "I invoke my right po" ay isang aksyon upang maiwasan ang pagsagot. |
| | *"Uh yes po your honor, uh I have my Filipino birth certificate po."* (PSAG_7) | Ang pahayag na ito ay kabilang rin sa prosesong ito dahil ipinapakita nito ang "I have" at ang bagay "*Filipino birth certificate po"* na nagpapatunay ng identidad. |
| | *"Wala pong association ang Chao Tai Organization dito sa Pilipinas para sa mga Fujian natives."* (PSAG_8) | Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng kawalan ng isang "*association"* sa lugar na nagpapahayag ng kawalan ng koneksyon o relasyon sa nasabing organisasyon. |

**Materyal na Proseso**

Ang mga materyal na proseso sa *systematic functional lingguistics* ay tumutukoy sa mga kilos o pangyayari na nagaganap sa labas ng isip ng tao. Ang mga prosesong ito ay may kaugnayan sa mga pisikal na karanasan at karaniwang ginagamit sa mga pandiwang nagpapahayag sa kilos o aksyon. Ayon kay Halliday (1994) ang materyal na proseso ay naglalarawan ng isang bagay na may ginagawa na kung minsan ay may direktang epekto sa isa pang bagay.

Sa pag-aaral na ito, ang halimbawa ng materyal na proseso na makikita sa pahayag ni Alice Guo ay *"nagsikap", "maghikayat", "binili", "mag-consult", "nagpadala"* at *"issued"* na nagsasaad ng isang kilos na may dahilan o layon at aktor na "*ko" o "ako"* ngunit nagiging sanhi rin ng ambiguidad. Ang mga ito ay hindi laging nagpapakita ng tiyak na layunin o resulta ng aksyon, kaya't nagiging malabo ang interpretasyon. Halimbawa, sa pahayag na "nagsikap ako," hindi malinaw kung ano ang partikular na sinikap niyang gawin o kung ano ang naging epekto nito. Gayundin, sa paggamit ng mga pandiwa tulad ng "nagpadala," maaaring hindi matukoy kung kanino o ano ang ipinadala, na nagiging sanhi ng kakulangan sa accountability. Ang ganitong paggamit ng materyal na proseso ay maaaring magtago ng mga detalye at magbigay ng impression na ang mga aksyon ay positibo, ngunit may mga aspeto ng pahayag na hindi malinaw, kaya't lumilikha ito ng ambiguidad sa kahulugan at interpretasyon ng kanyang mga salita.

**Mental na Proseso**

Ang mga mental na proseso ay tumutukoy sa mga salitang kilos na nagpapahayag ng persepsyon (hal. makita, marinig, maamoy), kognisyon (hal. mag-isip, malaman), emosyon (hal. gustuhin, matakot, hangaan), at pagnanais (hal. nais, aliwin, kasiyahan). Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, naipapahayag ng mga tao ang kanilang opinyon, iniisip at kagustuhan na tumutulong sa kanila upang maunawaan ang kanilang sariling pananaw sa realidad.

Sa pag-aaral na ito, ang halimbawa ng mental na proseso na makikita sa pahayag ni Alice Guo ay *"alam ko", "nalaman", "hindi ko rin alam", "ang understanding",* at *"hindi ko na po maalala"* na makikitaan ng ambiguidad base sa iba't ibang interpretasyon ng tao. Maaari itong maintindihan bilang paraan niya upang maiwasan ang pagsagot sa mga katanungan na maaaring magpatibay sa mga akusasyon laban sa kaniya. Ang mga ito ay maari ring dahilan ng kawalan ng tiyak na impormasyon.

**Relasyonal na Proseso**

Ang relasyonal na proseso ay nagpapahayag ng pagkatao at ugnayan sa pagitan ng mga tao sa pamamagitan ng pagkakakilanlan, paglalarawan at pagmamay-ari. Ang prosesong ito ay maaaring mangyari sa loob o labas ng isang tao. Karaniwan, ang relasyonal na proseso ay isinasagawa gamit ang pandiwang "*be*" o iba pang *copular verbs* tulad ng *seem, become, appear* o tila, nagiging, lumilitaw. Minsan, ginagamit din ang mga

pandiwang nagpapakita ng pagmamay-ari tulad ng have, own, possess (hal. mayroong, nagmamay-ari, nag-aangkin).

Sa pag-aaral na ito, ang mga nakitang halimbawa ay ang "*ako po si*" "*Mayo ng Bambanr*" "*farmer*" "*hindi may-ari*" "*walang relasyon*" at "*walang ugnayan*". Ang mga ito ay maaring ginamit niya ilang panangga sa mga ipinapataw sa kaniya na isyu. Ang pagpapakilala bilang M*ayor* ay maaaring paraan upang patibayin ang kaniyang kredibilidad upang paniwalaan ang kaniyang mga pahayag o ang pagiging isang *farmer* upang magbigay ng impresyo na isang ordinary at simpleng tao. Habang ang *hindi may-ari* at *walang ugnayan* ay maaring paraan upang itanggi ang mga akusasyon o koneksyon niya sa mga taong konektado sa kaso.

**Behavioural na Proseso**

Ang behavioural na proseso ay tumutukoy sa mga proseso ng pisyolohikal at sikolohikal na pag-uugali, tulad ng paghinga, panaginip, paghilik, pagngiti, pagsinghot, pagtingin, panonood, pakikinig, at pagninilay-nilay. Sa lahat ng anim na uri ng proseso, ang behavioural na proseso ang may pinakamalabong hangganan dahil wala itong malinaw na katangian. Bahagi ito ng material process (pisikal na kilos) at bahagi rin ng mental process (panloob na karanasan). Sa madaling salita, ito ang "*grey area*" o gitnang bahagi sa pagitan ng materyal at mental na proseso. Karaniwan, ang behavioural na proseso ay may isang kalahok lamang, ang taong gumagawa ng kilos, na kadalasang may kamalayan sa kanyang ginagawa.

Sa pag-aaral na ito, ang halimbawa ng proseso na makikita sa pahayag ni Alice Guo ay *"natatakot", "hindi comfortable", "emotional", "magmukhang-kawawa", "nagulat" at "gulong-gulo".* Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng kaniyang nararamdamang emosyon. Ang mga linyang *natatakot* ay maaaring ginamit upang maiwasan ang pagsagot o ipakita ang pag-aalinlangan sa ginawang aksyon. Habang ang *emotional, magmukhang-kawawa* at *gulong-gulo* ay maaring upang ipakita ang kaniyang pagkabigo o kawalan ng pag-asa. Maaari rin upang makakuha ng simpatya mula sa mga tao. Ang mga ito ay makikitaan pari ng ambiguidad.

**Berbal na Proseso**

Ang pagsasalita ay tiyak na isang uri ng aksyon, kaya't sa isang banda, maaari itong ituring bilang material na proseso. Gayunpaman, mayroon din itong ilang katangian ng mental na proseso, lalo na kung isasaalang-alang natin na ang pagsasabi ng isang tao ay maaaring isang anyo ng panloob na pagsasalita o pag-iisip na inilalabas sa salita. Dahil dito, may batayan upang ituring ito bilang isang bagong uri ng proseso: *ang verbal process* o mga pandiwang may kinalaman sa pagsasalita. Ang verbal process ay nagpapakita ng mga gawain na may kaugnayan sa impormasyon. Kabilang dito ang mga kilos tulad ng pagsasabi, pag-uutos, pagtatanong, at pag-aalok.

Sa pag-aaral na ito, ang halimbawa ng proseso na makikita sa pahayag ni Alice Guo ay *pagtatanong, "sabi niya" at "in-explain".* Ang mga ito ay kakikitaan parin ng ambiguidad sa iba't ibang konteksto. Maaring ang *sabi niya* ay nangangahulugang galing ito sa mismong nagsabi o di kaya ginamit ito upang mailayo sa kaniya ang pagdududa o di kaya'y ipasa sa iba ang sisi o akusasyon. Habang ang *in-explain* naman ay maaring upang maiwasan ang pag-uulit sa mga naging pahayag marahil dahil sa hindi na maalala o di kaya'y maging dahilan upang mas lalong madiin sa kaniya ang akusasyon.

**Eksistensyal na Proseso**

Ang existential na proseso ay tumutukoy sa pag-iral ng isang bagay o pangyayari. Ipinapakita nito na may isang bagay na umiiral o isang pangyayari na nagaganap. Ito ay isang uri ng sugnay na naglalahad ng pag-iral ng isang entidad nang hindi nagbibigay ng anumang karagdagang impormasyon tungkol dito. Ang existential process ay may pagkakatulad sa relasyonal na proseso dahil karaniwan itong gumagamit ng pandiwang *be* (*is, am, are, was, were, has, have been*) at iba pang pandiwang nagpapahayag ng pag-iral o pangyayari tulad ng *go, come, toil, exist, remain, arise, occur, happen, take place.*

Mula sa ginawang pananaliksik, ang halimbawa sa mga pahayag ni Alice Guo na nagpapakita ng prosesong ito ay *"may" "I have" "wala" "meron".* Ang mga ito ay maaaring ginamit upang ipakita na mayroong ebidensya sa mga sinabing impormasyon upang mas pagkatiwalaan ang kaniyang mga sinabi. Maari ring ipakita ang katotohanan na wala siyang alam o kinalaman sa mga isyu. Ang mga ito ay kakikitaan parin ng kalabuan.

Hindi lahat ng mga pahayag ni Alice Guo ay kakikitaan ng kalabuan dahil sa pagkadirekta nito, ngunit dahil sa kakulangan sa mga impormasyong ibinibigay, hindi magkatugma at konsistent ay nagbibigay ng pagkakagulo sa isipan ng mga tagapakinig na nagdudulot ng ambiguidad. Kaya naman ginamit ang mga prosesong ito upang makatutulong sa pagsusuri ng mga ambiguidad sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano ang iba't ibang bahagi ng pangungusap ay nag-uugnay at kung paano nagkakaroon ng iba't ibang interpretasyon sa mga proseso ng kaalaman at alaala. Gamit ang mga prosesong ito, ang mga ambiguidad ay maaaring masuri batay sa kung paano ang mga proseso ay nagiging sanhi ng iba't ibang interpretasyon at kung paano ito nagiging daan sa mga hindi pagkakaintindihan.

Ang talahanayan 3 sa ibaba ay nagpapakita sa kabuuang bilang ng proseso ng transitivity na makikita sa mga pahayag ni Alice Guo sa panahon ng *senate hearing.* Makikita rito na ang pinakamadalas na makita sa buong

korpora ay ang metaryal na proseso, sinundan ng relasyonal ng proseso at mental na proseso. Nagagamit ang transitivity analysis upang matulungan ang mga tagapakinig na maintindihan ang diskurso at ideyolohiyang nakapaloob sa isang paksa o retorika.

**Talahanayan 3**
**Kabuuang bilang ng *Transitivity Processes* sa Pagdinig ng Senado sa kaso ni Alice Guo**

| *Transitivity Process* | *Frequency* | Porsyento |
|---|---|---|
| Materyal na Proseso | 63 | 28 |
| Relasyonal na Proseso | 43 | 19.11 |
| Mental na Proseso | 40 | 17.78 |
| Berbal na Proseso | 32 | 14.22 |
| Eksistensyal na Proseso | 30 | 13.33 |
| *Behavioural* na Proseso | 17 | 7.55 |
| Kabuuan | 225 | 100 |

## V. KONKLUSYON

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga ambiguidad sa pahayag ni Alice Guo sa pamamagitan ng kagamitang pandiskurso at *transitivity processes.* Batay sa mga datos na nakalap, makikitaan ng maraming ambiguidad ang mga pahayag ng Alice Guo sa Senado. Bagama't may mga testamento siyang direkta at madaling maunawaan, nagdudulot pa rin ito ng kalituhan dahil sa mga hindi magkatugmang impormasyon. Karamihan sa kaniyang mga pahayag ay isang stratehiya upang maiwasan ang mga akusasyon sa kaniya.

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay hindi naging madali dahil nangangailangan ng masusing pagsusuri at dobleng pag-aanalisa upang maiwasan ang pagkakamali. Napagtato ko na ang ganitong uri ng pananaliksik ay nangangailangan ng matinding tiyaga, dedikasyon at determinasyon upang maisakatuparan nang maayos. Sa puntong ito, hindi maitatanggi na Malaki ang naging epekto ng pag-aaral na ito sa pagpapalawak ng aking kaalaman at pag-unlad ng aking kakayahan, lalo na't kinakailangan ito sa aking pag-aaral. Higit pa rito, ang mga natutunan ko ay hindi lamang kapani-pakinabang sa kasalukuyan kundi maaari ring magamit sa hinaharap, pati na rin ng iba pang maaaring makinabang sa pananaliksik na ito.

## TALASANGGUNIAN


[1] Aini, Y. S. N., et. al., (2021). "Pro-Whom?": A Critical Discourse Analysis of President Donald Trump's Immigration Policy Speeches. *LITERA*, 20(2).

[2] Tagumisi, R. & Villanueva, L. (2019). First Year Students' Interpretation and Structure of Ambiguous English Sentence. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences, 8*(6), 342. https://garph.co.uk/IJARMSS/June2019/G-2619.pdf

[3] Satria, O. (2023). Ambiguous Utterances: Case Study on Students' Project of English Presentation. *Al-Faiza: Journal of Islamic Education Studies*, *1*(1), 12-20. https://www.jurnal.zarilgapari.org/index.php/faiza/article/view/18

[4] Bhandari P. (2020). What is Qualitative Research? /Methods and Examples.

[5] Creswell, J.W. and Poth, C.N. (2018). Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches, 4th Edition, *SAGE Publication Inc. Thousand Oaks*

[6] Edwards, D., & Potter, J. (2019). Consensus in discourse: Constructing agreement and credibility. *Discourse Studies*, 21(3), 345-362.

[7] Halliday, M. A. K. & Matthiessen, C. (2014). Halliday's introduction to functional grammar (4th ed.) *Routledge.*

[8] Potter, J. (1996). Representing reality: Discourse, rhetoric and social construction. *SAGE Publications.*

[9] Wetherell, M., & Potter, J. (2019). Mapping the language of racism: Discourse and the legitimation of exploitation. *Columbia University Press.*